

Para sa lahat ng mga pasyente, mga pamilya, at sa buong komunidad ng Ontario

Kami ay mga doctor na katulad ninyo ay mga magulang, anak, at mga kapitbahay din sa Toronto, Peel at rehiyon ng York. Nasaksihan namin ang mga sakripisyo ng mga pasyente at ng komunidad na maaaring maulit muli ngayong tag-init kapag wala tayong ginawa na agarang aksyon: Oras kasama ang buong pamilya at mga kaibigan, pagbisita sa mga tahanan at pagbabakasyon, summer jobs at summer camps, paglalaro ng basketbol, at pagpapahinga kasama ang mga katrabaho. Masakit sa damdamin na Makita ang ating mga pinakamamahal sa buhay na nasa ospital at Home for the aged . Ginagawa natin ang lahat sa abot ng ating makakaya upang masunod ang mga payong pangkalusugan ng publiko, ngunit hindi pa rin ito sapat upang makontrol ang pandemya, maibangon ulit ang lipunan, maibalik ulit sa normal ang Sistema ng pangangalaga sa kalusugan, at mapalago ulit ang ekonomiya, mas marami pang kailangan na dapat ay gawin agad.

Hindi na kakayanin pa ng ating Sistema ng pangangalaga sa kalusugan ang patutunguhan ng ikatlong pag-bugso. Ang bagong uri na ating nakikita ay mas mabilis na kumakalat at mas batang populasyon ang tinatamaan. Ang kapasidad ng ating ICU ay hindi pa nasusubukan ang ganitong sitwasyon , pati ang ating mga masisipag na medikal at mga tagapangalaga ng kalusugan na nagpapatakbo ng mga silid pang emergency , COVID wards, at ICU sa mga ospital sa probinsya na ito ay halos umabot na sa punto na hindi na kakayanin. Kahit ang mga siyudad na kakaunti ang COVID, ay napupuno ang mga ICU dahil sa paglilipat ng mga pasyente galing probinsya.

Alam namin na pagod na kayo at nag-aalala. Marami sa inyo ang umiiwas na magpasuri dahil sa takot na mahawahan, itinigil ang mga gawaing pag bisita sa doktor, o kaya naman ay pinakansela ang mga operasyon at mgapagsusuri sa pangalawa o pangatlong beses ngayong panahon ng pandemya. Ang pangangailangan na pagkansela ng mga operasyon ay naging isang pang malawakang problema na ngayon sa probinsya. Ito ay ang mga operasyon sa kanser , sakit sa puso , pagpigil sa pagkabulag , matinding sakit na nararamdaman . Kapag marami pang pagka-antala ang mangyayari ay kakalat ang kanser sa buong katawan ng tao na maaari naman na mapigilan, maraming tao ang mabubulag, malulumpo, o kaya naman ay pwedeng mamatay. Kami ay nag-aalala na baka hindi namin kayo maaalagaan, Kung magkaroon man kayo ng COVID o hindi. Kung ang inyong mga anak na binatilyo/dalagita ay nasangkot sa aksidente sa sasakyan o kaya naman ay ang inyong mga batang anak ay nagkaroon ng malalang reaksyon sa alerdyi, kung ang inyong lola ay nahulog at nabali ang balakang, kung ikaw ay inatake , kami ay nag-aalala na baka hindi namin maibigay ang sapat na tulong na inyong kailangan. Kailangan namin ng mga taong may mataas na antas ng kasanayan at mga kama sa ospital para makapagbigay ng alaga, ngunit ang aming inaasahang mga kama ng ICU ay hindi sapat ; kung walang magbabago, kukulangin na ng lugar para alagaan kayo at inyong mga minamahal sa buhay. Sa ngayon ay nakita na ninyo siguro ang mga maikling bidyo sa ospital sa Italy at siyudad ng New York noong isang taon; ganoon ang pwedeng mangyari sa ating kapag tayo ay hindi nagbago.

May mga paraan upang maiwasan ang pagbagsak ng ating Sistema ng pangangalaga ng kalusugan, ngunit kailangan nito ng agarang aksyon.

Bilang mga doktor sa ilang mga malalang naapektuhan na rehiyon sa Ontario, Gusto namin na ang bawat isa sa inyo na iparinig ang inyong mga boses – upang sabihin sa inyong MPP atsa

Ministro ng kalusugan at Premier – na kayo ay nag-aalala sa inyong pangangalaga ng inyong kalusugan ngayong pandemya , kung magkaroon ka man ng COVID o hindi, kailangan nilang umaksyon agad upang protektahan kayo. Tumawag, mag-text, o kaya naman ay mag-tweet upang sabihin sa kanila sa gawin ang mga sumusunod para sa mga tao ng Ontario upang maprotektahan ang mga lugar na pinagtatrabahuhan kung saan ang COVID ay kumakalat, bakunahan ang mga nararapat na tao sa nararapat na lugar, at bigyan ang publiko ng malinaw at tamang impormasyon.

Protektahan ang mga lugar na pinagtatrabahuhan kung saan ang COVID ay kumakalat:

Ang pagkalat ng COVID sa lugar na pinagtatrabahuhan ay nananatiling malaking problema. Nagpapatupad na ang gobyerno ng mga patakaran upang maprotektahan ang mga Home for the aged sa COVID. Gamitin natin ang ating natutunan sa karanasan na iyon. Humihingi kami ng patakaran na:

- Suportahan at payagan ang mga kumpanya na gumamit pa ng mas maraming pagsusuri ng COVID sa kanilang mga pabrika, bodega, pamilihan , at sa mga lugar ng Konstruksyon
- Gumawa ng pantay at malinaw na proseso para dalhin ang mga bakuna sa tamang lugar ng trabaho na pinakamataas ang peligro.
- Huwag pabayaang mapilitang mamili ang mga taga Ontario sa pagitan ng pagpasok sa trabaho na may sakit at pagbabayad ng kanilang renta. Hanggat hindi nakontrol ang COVID ,I-Mandato ang mga kumpanya na bigyan ang kanilang manggagawa ng bayad para sa `mga araw na nagpapagaling sila sa COVID upang sila ay manatili sa bahay kapag may sakit at para sila ay manatili ng dalawang linggo ng hindi sila nag-aalala na mawawalan sila ng trabaho kung nagkaroon sila ng kumpirmadong pakikipag-ugnayan sa isang tao na nagpositibo sa COVID.
- Tulungan o kaya naman ay bigyan ng insentibo ang mga maliliit, katamtaman at malalaking Negosyo na nangangailangan ng tulong para sa kaligtasan ng kanilang mga manggagawa. Alam naming na gusto din ninyong gamitin sa matalinong paraan ang inyong buwis . \$3,592 ang halaga na ginagastos sa bawat araw sa ICU at \$114 naman sa isang araw ang ibinabayad sa isang isang manggagawa na sumasahod ng minimum, kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sila ay may sakit. Hayaan ninyo sila na magpasuri t at ibukod ang sarili kaysa manghawa ng ibang mga katrabaho.
- Siguraduhin na mga taong kailangan/importante sa trabaho ang pumapasok. Lumikha ng mga benepisyo o multa para suportahan ng mga Negosyo ang lahat ng makakapagtrabaho sa bahay. ipatupad ito na may kasamang hindi inaanunsyong pagbisita mula sa Ministry of Labour.
- Kailanganin na pag suotin ang lahat ng manggagawa ng mask sa kanilang pinagtatrabahuhan at kailangan nila iyon suot sa buong araw nilang pagtatrabaho, katulad ng ginagawa ng kanilang mga anak tuwing sila ay papasok sa eskwelahan, tatanggalin lamang ito upang kumain na may sapat na agwat sa isa't-isa.

Kung ang mahahalagang negosyo ay kailangang manatiling bukas gawin nila nang may pag-iingat upang maiwasan ang pagkalat ng COVID. Wala man mas ligtas sa pananatili sa bahay, mas gugustuhin naming na makita ang mga manggagawa ng Ontario sa kanilang trabaho kaysa makita namin sila sa kama ng ospital.

Bakunahan ang mga nararapat na tao sa nararapat na lugar

Ang malalang impeksyon ng COVID ay maiiwasan sa pamamagitan ng bakuna. Sa puntong ito hindi kakayanin ng bakuna upang mapigilan ang pagbagsak ng ating Sistema ng pangangalaga ng kalusugan, ngunit ang pagbabakuna sa mga taga Ontario ay ang pinakamagandang paraan upang makaahon sa pandemya sa malao't madali upang maibalik sa dati ang ekonomiya ng Ontario, at para hindi na mag-alala sa mga paghihigpit (lockdowns). Para ito ay magawa ng mabilis, kailangang i-pryoridad ang pagbabakuna sa mga tao na mataas ang peligro na mahawa, makapanghawa, at magkasakit dahil sa COVID. Hindi ito ang nangyayari ngayon.

Pinaka Malalang naapektuhan ng COVID ang mga komunidad na pinahina ng umiiral na kawalan ng katarungan at sistematikong kapootang panlahi (racism), kaya kailangan natin lumaban ng matindi sa mga ganoong komunidad. Humihingi kami ng mga patakaran na:

- Magpadala ng maraming dosis ng bakuna sa mga lugar na malalang naapektuhan na natukoy ng Ontario Science Advisory Table hanggang sa makontrol natin ang mga kaso sa mga lugar na iyon.
- Siguraduhin na ang plano para sa distribusyon ng bakuna ay malinaw para sa mga miyembro ng publiko at ang mga iskedyul ng pagbabakuna ay madaling makuha. Maraming malikhaing paraan para magawa ito at ang mga doktor ay handang tumulong!

Bigyan ang publiko ng malinaw, at hindi pabago-bagong impormasyon.

Salamat at marami na tayong natutunan tungkol sa COVID ngayon kaysa noong isang taon. Kailangan ng mga taga Ontario ng malinaw na patnubay tungkol sa lahat ng aspeto sa pamamahala ng COVID sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang gobyerno ng Ontario ang dapat na pagkatiwalaan na awtoridad sa pagsasabi ng mga bagong natutunan tungkol sa COVID. Humihingi kami ng mga patakaran na:

- Pagandahin ang pampublikong komunikasyon tungkol sa mga benepisyo ng bakunang AstraZeneca tungkol sa mababang peligro ng pamumuo ng dugo kumpara sa Malaki nitong benepisyo na pangpersonal at pangkomunidad.
- Paalalahan ang publiko na delikado pa din na pumunta sa mga tindahan at mga lugar na panloob ng mas matagal kaysa sa kinakailangan na oras.

- Hikayatin ang mga tao na palaging magsuot ng mask, manatili sa bahay hanggang makakaya, at lumayo sa mga tao na hindi kasama sa bahay.

- Magbigay ng malinaw, praktikal, kasalukuyan at maaasahang gabay para sa mga taga Ontario, kung sila man ay nabakunahan ng isang beses, dalawang beses, o kaya ay hindi nabakunahan. Sabihin sa kanila kung ano ang ligtas gawin at ang hindi dapat gawin ngayon, at tanggapin na magbabago ito habang nagbabago and virus, habang mas natututo ang mga siyentista, at mas maraming tao ang nabakunahan

Ito ay mahalagang panahon para sa mga mamamayan ng Ontario, para sa ekonomiya nito, para sa kalusugan ng mga tao nito, at para sa kabutihan ng lahat ng mamamayan. Walang makakagawa nito nang mag-isa at kailangan naming ang inyong suporta sa pamamagitan ng inyong mga boses upang mapanatili kayo ,mga pamilya ninyo at ang mga komunidad na ligtas at wala sa mga ospital.

Iparinig ang inyong Boses! Sabihan ninyo ang inyong mga kaibigan at mga pamilya, I-share ninyo ito sa social media o kaya naman ay isulat ninyo sa inyong lokal na dyaryo! At siguraduhing tumawag, sumulat, mag-text, o mag tweet sa inyong MPP at sa ministro ng kalusugan , at the Premier para sabihin sa kanila na ikaw ay nag-aalala sa iyong kalusugan ngayong pandemya, magkaroon ka man ng COVID o hindi – at kailangan nilang Protektahan ang mga lugar na pinagtatrabahuan kung saan ang COVID ay kumakalat , bakunahan ang mga nararapat na tao sa nararapat na lugar, at bigyan ang publiko ng malinaw, at pareparehong impormasyon.